

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Patuloy ang pagbagsak ng pagmamanupaktura noong Agosto

Mga pangunahing nalaman

Nanatili pa rin ang PMI sa contraction sa 44.5

Higit pang mabilis na pagbaba sa output at mga bagong order

Pinakamababa ang kumpiyansa sa negosyo simula noong Hulyo 2020

Kinolekta ang data noong 12-24 Agosto 2021.

Nanatili ang pagbagsak ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Agosto, ayon sa pinakabagong data ng IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), habang patuloy na nakaapekto sa sektor ang pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 at mga panuntunan ng lockdown. Ang mga kundisyon ng pagpapatakbo ay mabilis ulit na bumagsak sa kabila ng higit pang mabilis na pagbaba sa produksyon sa pabrika at mga bagong order, habang ang pananaw ng mga producer ng produkto sa output sa susunod na taon ay pinakamababa sa loob ng 13 buwan.

Nakapagtala ang headline PMI ng 44.5 noong Agosto, na bahagyang bumaba mula sa tala noong Hulyo na 44.6, na nagpapahiwatig ng tatlong magkakasunod na buwanang pagbagsak sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN at mabilis sa pangkalahatan.

Sa unang pagkakataon simula noong Mayo 2020, ang lahat sa pitong kasaping bansa ay nagtala ng mga pagbagsak sa mga kundisyon noong Agosto. Nakita ang pinakamabilis na contraction sa Myanmar, kung saan nanatili ang PMI (36.5) na isa sa pinakamababang naitala. Sinundan ito ng Vietnam, kung saan bumagsak ang headline index (40.2) sa pinakamababa simula noong Abril 2020 sa kabila ng tuluy-tuloy na paglaganap ng COVID-19.


Sa ibang dako, naitala ang mga patuloy na pagbagsak sa Malaysia at Indonesia, bagama't nakita sa parehong bansa ang pagbagal ng mga rate ng pagbagsak mula noong Hulyo. Gayunpaman, nagpahiwatig ang mga tala ng PMI na 43.4 at 43.7 ng mabilis na pagbagsak sa kalagayan ng mga kaukulang sektor ng pagmamanupaktura.

Samantala, naitala ang mga panibagong contraction sa Singapore at sa Pilipinas. Sa nauna, kapansin-pansing naging katamtaman ang headline index (44.3) mula sa naitalang pinakamataas sa loob ng mahigit walong taon noong Hulyo, at bumagsak ito sa pinakamababa simula noong nakaraang Setyembre. Sa Pilipinas, ang pinakabagong tala (46.4) ay nagpahiwatig ng unang pagbagsak sa mga kundisyon simula noong Mayo at ito ang pinakamabilis sa loob ng 15 buwan.

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Ang mga paglaganap ng COVID-19 at mas mahihigpit na panuntunan ng lockdown ay patuloy na negatibong nakaapekto sa sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN noong Agosto, na patuloy pa ring bumabagsak. Patuloy ang pagkaunti ng demand ng kliyente, habang bumagsak ulit nang mabilis ang produksyon sa pabrika. Kasunod nito, nagbawas ang mga kumpanya ng mga kawani, sa kabila ng naitalang pagdami ng mga backlog, samantalang bumaba ang kumpiyansa sa negosyo sa pinakamababa sa loob ng 13 buwan.

"Bukod pa rito, sa unang pagkakataon simula noong Mayo 2020, naitala ang mga contraction sa lahat ng pitong kasaping bansa, na nagtatampok sa malubhang epekto ng pagtaas ng mga kaso ng COVID-19 at mas mahihigpit na panuntunan ng pag-lockdown sa buong rehiyon. Ang pinakamabilis na pagbagsak ay naitala sa Myanmar, Vietnam, at Malaysia.

"Sa pangkalahatan, kaunti lang ang magandang balitang naihatid ng pinakabagong data. Gayunpaman, may kumpiyansa pa rin sa pangkalahatan ang mga kumpanya sa mas mataas na output sa loob ng 12 buwan, kung saan umaasa ang mga kumpanya na kapag lumuwag na ang mga paghihigpit, babangon ulit ang sektor."

Panghuli, higit pang bumagsak ang PMI ng Thailand nang mas mababa sa 50.0 na marka noong Agosto. Sa 48.3, nagpahiwatig ang pinakahuling tala ng pinakamabilis na rate ng pagbagsak sa loob ng tatlong buwan, ngunit katamtaman lang ito.

Sa pangkalahatan, nanatili pa rin ang sektor ng pagmamamunipaktura sa ASEAN sa contraction noong Agosto. Ang output at mga bagong order ay bumagsak sa pangatlong magkakasunod na buwan, kung saan bahagyang nagbago ang mga rate ng pagbagsak simula noong Hulyo at isa sa pinakamatinding naitala, na nagpapakita ng mga tuluy-tuloy na pagbabalik ng mas mahihigpit na panuntunan ng lockdown. Bumaba rin ang demand sa ibang bansa noong Agosto, habang bumaba at kapansin-pansin ang mga bagong order sa export sa loob ng pangatlong magkakasunod na buwan, bagama't naging katamtaman ang rate ng pagkaunti simula noong Hulyo.

Bilang resulta, binawasan ulit ng mga producer ng produkto sa ASEAN ang kanilang pagbili noong Agosto, na nagpahaba sa kasalukuyang magkakasunod na pagkaunti ng aktibidad ng pagbili na nagsimula noong Hunyo. Kapansin-pansin ang bilis ng pagbabawas, sa kabila ng pagbagal nito sa buwang ito. Kasunod nito, patuloy na bumagsak ang mga imbentaryo. Gayunpaman, nanatiling malaki ang abala sa supply chain. Bagama't hindi gaanong matindi ang mga pagkaantala kaysa noong Hulyo, pinakamalaki ang itinagal ng mga lead time para sa mga input na naitala.

Samantala, patuloy na binawasan ng mga producer ng produkto ang kanilang mga manggagawa noong Agosto, na nagpahaba sa kasalukuyang magkakasunod na pagbagsak sa employment na nagsimula noong Hunyo 2019. Bumagal ang pagkawala ng trabaho sa buwang ito, ngunit matindi pa rin ito sa pangkalahatan. Nagtampok din ang data ng Agosto ng mga tuluy-tuloy na pressure sa kapasidad, dahil dumami ang mga backlog ng trabaho sa pinakamabilis na naitala sa serye.

Nanatili ring mataas ang mga pressure sa inflation. Kapansin-pansing tumaas ulit ang mga gastusin sa input, kung saan mabilis na itinaas ng mga kumpanya ang mga average na singil bilang resulta.

Ang tuluy-tuloy na pagbagsak ay nakaapekto rin sa kumpiyansa sa negosyo noong Agosto. Bagama't may pag-asa pa rin sa pangkalahatan, ang antas ng positibong pananaw sa output sa susunod na taon ay bumagsak sa pinakamababa simula noong Hunyo 2020 at mahina sa buong kasaysayan.

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaysay.

Kinolekta ang data ng Agosto 2021 noong 12-24 Agosto 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.


Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44-207-260-2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.